COLORS FUTURE! ACTIONS KAWASAKI 100th

Colors, Future! いろいろって、未来。 川崎市

# Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki Espesyal na Isyu para sa Ika-100 na Anibersaryo ng Lungsod ng Kawasaki

Pinamatnugan at inilathala ng: Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau, Pebrero 28, 2025

Wikang hapon: http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html

Wikang Hapon na madaling maintindihan: http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html

## 100 Taong Paglalakbay ng Lungsod ng Kawasaki at mga Dayuhang Mamamayan

Noong 2024, ipinagdiwang ng Lungsod ng Kawasaki ang ika-100 anibersaryo ng pagkakatatag nito. Sa paglipas ng panahon, ang Kawasaki ay naging isang masiglang lungsod na may malawak na pagkakaiba-iba, kung saan nagtipon ang maraming tao mula sa loob at labas ng bansa, dala ang kani-kanilang kultura. Sa mahalagang pag-unlad na ito, ginampanan din ng mga dayuhang mamamayan ang isang malaking papel. Noong 1996, itinatag sa pamamagitan ng isang ordinansa ang pagbuo ng Pagpupulong ng Kinatawan ng mga Dayuhang Mamamayan ng Kawasaki, upang mapakinggan ang kanilang tinig sa mga usaping panglungsod at maisulong ang isang lipunang namumuhay nang magkasama. Sa loob ng 15 termino, ang pagpupulong ay patuloy na naging aktibo sa mga adhikain nito. Sa hinaharap, ang pagpupulong ay magpapatuloy sa paggamit ng yaman ng pagkakaiba-iba ng nasyonalidad, lahi, at kultura, upang maitayo ang isang lipunang multikultural kung saan ang lahat ng tao ay magkakasamang namumuhay nang may pagkilala sa isa't isa.

### Q & A para sa mga Kinatawan ng Dayuhang Mamamayan ng Kawasaki

**Q Ano ang layunin ng pagpupulong?**

Ang layunin ng pagpulong ay ang pagtaguyod ng partisipasyon ng mga dayuhang mamamayan sa lungsod at bumuo ng isang lipunang namumuhay nang magkasama.

**Q Ano ang mga gawain ng pagpupulong?**

Sa konseho, tinatalakay ang iba't ibang isyung kinakaharap ng mga dayuhang mamamayan. Ang mga opinyon at mungkahi ay pinagsasama-sama at isinusumite sa lungsod. Bukod dito, lumalahok din ang mga kinatawan sa iba't ibang mga kaganapan, tulad ng Pista ng mga Mamamayan ng Kawasaki.

**Q Sino ang maaaring maging miyembro (kinatawan) ng pagpupulong? Ano ang tagal ng termino at bilang ng miyembro?**

Ang maaaring maging kinatawan ay mga dayuhang mamamayan na may edad 18 pataas, at naninirahan sa Kawasaki nang may higit sa isang taon. Ang termino ay dalawang taon. Hanggang 26 na kinatawan ang mapipili gamit ang aplikasyon na bukas sa publiko.

**Tatlong Mahalagang Konsepto ng Pagpupulong ng mga Kinatawan ng Dayuhang Mamamayan**

“Mula sa mga kahilingan patungo sa aktibong pakikilahok”

“Pagtugon sa parehong indibidwal at pangkalahatan”

“Pagkakaunawaan at pagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba”

### Kasaysayan ng Pagpupulong ng mga Kinatawan ng Dayuhang Mamamayan

**1994** Sa ika-7 na simposyum ng mga lungsod at bayan para sa “Bagong Panahon ng mga Pamahalaang Lokal”, ipinakilala ang halimbawa ng Pagpupulong ng mga Dayuhang Kinatawan sa Germany.
Naitatag ang Komite para sa Pananaliksik ng Pagpupulong ng mga Kinatawan ng Dayuhang Mamayan sa Kawasaki.

**1995** Isinagawa ang isang modelo ng Pagpupulong ng mga Kinatawan ng Dayuhang Mamamayan

**1996** Naitatag ang ordinansa para sa Pagpupulong ng mga Kinatawan ng Dayuhang Mamamayan ng Kawasaki
Nagsimula ang unang termino ng pagpupulong

**2024 (Kasalukuyan)** Aktibo ang ika-15 termino

**Hanggang sa ika-14 na termino, nakapagsumite ng 58 na mungkahi (na may 135 na paksa). Naisakatuparan ang 81.5% ng mga mungkahi (batay sa datos noong Oktubre 2024).**

**Mga Mahahalagang Programa na Naipatupad Batay sa Mungkahi ng mga Kinatawan**

**1998** Pagtatatag ng Foreign Residents' Information Corner
**2000** Pagtatatag ng Ordinansa para sa Batayang Patakaran sa Pabahay sa Kawasaki
**2014** Pagsasagawa ng survey tungkol sa kalagayan at opinyon ng mga dayuhang mamamayan (inulit noong 2015, 2019, at 2024)
**2018** Pagdagdag ng multilingwal na impormasyon sa manual para sa pamamahala ng evacuation centers
**2021** Pagsasagawa ng Gabay sa "Madaling Maintindihang Nihongo" ng Kawasaki

## Ika-100 na Anibersaryo: Reunion ng mga Kinatawan ng Dayuhang Mamamayan




Noong Hulyo 6, 2024, bilang bahagi ng pagdiriwang ng ika-100 na anibersaryo ng Lungsod ng Kawasaki, ginanap ang “Reunion ng mga Kinatawan ng Dayuhang Mamamayan” sa Kawasaki International Center. Dumalo rito ang kabuuang 39 katao, kabilang ang mga kinatawan mula sa ikalawang termino hanggang sa ikalabinlimang termino at ang kanilang mga pamilya.







Sa simula ng pagtitipon, nagsagawa muna ng icebreaker upang maibsan ang kaba ng mga dumalo. Pagkatapos nito, nagkaroon ng group discussion sa bawat mesa. Una, ibinahagi ng mga nakatatandang kinatawan ang kanilang karanasan, partikular ang "mga magagandang bagay na kanilang naranasan bilang kinatawan" at "mga pagbabagong dulot ng kanilang pagiging kinatawan". Nakinig ang mga kinatawan ng ika-15 termino sa mahahalagang kwento at karanasang ibinahagi ng mga naunang kinatawan. Kasunod nito, nagkaroon ng pagkakataon ang mga kinatawan ng ika-15 termino na magtanong sa mga nakatatandang kinatawan. Dahil nasa simula pa lamang sila ng kanilang termino, ibinahagi nila ang kanilang mga nais gawin sa pagpupulong, pati na rin ang kanilang mga pangamba at pinag-iisipan. Sa kanilang pagbabahagi, maingat na pinakinggan ng mga nakatatandang kinatawan ang kanilang mga saloobin at buong puso silang binigyan ng sagot at payo.

Nang umabot ang talakayan sa huling paksa na “Ang Hinaharap ng Kawasaki at Multikultural na Pagkakaisa – Ano ang inaasam nating Kawasaki mula sa Multikultural na Pananaw?”, dumating si Mayor Fukuda. Sa kanyang pagdating, binisita nya ang bawat mesa at maingat na nakinig sa mga talakayan. Sa pagtatapos ng pagtipon, nagbigay ang mayor ng mensahe.

Matapos ang diskusyon, nagkaroon ng pagsalo ng merienda ang mga nakilahok. May mga dumalo din sa ginanap na “2024 Multicultural Coexistence Forum & Concert in Kawasaki” sa Kawaski International Center. Ang ika-100 na anibersaryo ng pagkatatag ng lungsod ay naging mahalagang okasyon upang magkita at magkaugnayan ang mga kinatawan.

## Sinulat ng mga kalahok ang kanilang mga paboritong bagay tungkol sa Kawasaki!



COLORS, FUTURE! ACTIONS
KAWASAKI 100th

ACTION 11
グローバル

×

ACTION 13
スポーツ

# Pakikilahok ng mga Kinatawan kasama ang Fujitsu Frontiers





Noong Oktubre 6, 2024 (Linggo), ginanap ang pagsalo ng mga Kinatawan at ng American football team na Fujitsu Frontiers. Ang Fujitsu Frontiers ay binubuo ng mga manlalarong may iba't ibang pinagmulan—mayroong mga dayuhang atleta, pati na rin mga Japanese na lumaki sa ibang bansa. Sa kabila ng kanilang pagkakaiba-iba, nagkakaisa sila sa iisang layunin: ang pagsisikap tungo sa tagumpay**.** Ang unang pagsalo ay ginanap noong nakaraang taon, at nagbigay-daan sa mga bagong koneksyon kagaya ng pagsuporta ng mga Kinatawan sa mga laro ng Fujitsu Frontiers. Dahil dito ay muling isinaganap ang pagsalo ngayong taon.





Sa pagsalo, lumahok ang mga manlalaro na sina #64 Masaya Okubo (kapitan), #44 LB Shoki Cho, #4 WR Samajie Grant, at #16 WR Nozomu Imanaka. Bilang panimula, ipinakilala ng mga kinatawan ang kanilang sarili at ipinaliwanag ang kanilang mga aktibidad. Matapos nito, nagtanong ang mga kinatawan sa mga manlalaro kagaya ng “Paano kayo napasali sa Fujitsu Frontiers?”, “Paano ninyo pinagkakasundo ang mga pagkakaiba-iba sa kultura sa loob ng koponan?”

Ang pakikipaglaban ng mga manlalaro bilang isang pamilya, gamit ang kanilang pagkakaiba ay may malaking pag-aaral para sa 26 na Dayuhang Kinatawan na nagrerepresenta ng lahat ng dayuhang residente sa Kawasaki. Sa pagdiriwang ng ika-100 anibersaryo ng Kawasaki, patuloy na hinahangad ng mga Kinatawan ang ipalaganap ang halaga ng multikulturalismo sa mga naninirahan sa lungsod.

**Para sa tanong**

Kawasaki City Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau
Miyamoto-chou 1, Kawasaki-ku, Kawasaki City 210-8577
Tel : 044-200-2846　　Fax : 044-200-3707　E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi ukol sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.
R70
古紙パルプ配合率70%再生紙を使用